

# LOOBAN at Iba Pang Tula

Radney Ranario

## Looban

Makiwal ang daan dito,  
Makipot at sanga-sanga,  
Tila iskinita.  
Maaaring taluntunin  
Kung nais:  
Sundan ang tibok  
Kung hahakbang,  
'Wag na 'wag hahakbangan  
Ang tibok,  
O pangunahan ng pagmamadali  
Ang hakbang.  
Pagmumuni ang sikreto  
Ng pagtunton sa hinahanap.  
Madalas, naliligaw ang pakay  
Sa rubdob ng pakiramdam.  
Minsan, tulala kang umuusad.  
Hindi mo tahasang matukoy kung saan  
Ang hangganan ng pagkaligaw.

## Katapusan ng Pebrero, 2018

Bastang hinahangin ang mga dahon  
At nagkukumpol sa daraanan,  
Pirasong buhay na nalagas sa sanga  
At iniligaw ng ihip sa bakuran-ng-may-bakuran.

Hindi mo tuloy alam kung badya ito ng tag-init  
O pinong paalala ng parating na kuwaresma.  
Mangyaring nagpanabay ang araw-puso at abo:  
Gunitang-hangin kapwa, mga dahon ng pulso.

## Pananalamin (O Krisis sa Katanghaliang-gulang)

Napatigagal akong tinititigan  
Ang kumpol ng ubang  
Umusli sa magkabilang gilid  
Sa ibabaw ng tainga.

Tahimik silang nanghimasok,  
Mga panauhing dumatal  
Nang walang imbitasyon.  
At walang pasubaling mananahan.

Parang kailan lang iyong  
Hinihimas ko ng palad ang baba,  
Sinasalat ang usling balahibong  
Pinanabikang sumibol.

Ngayong humigit ang paglago  
At nagpakimkim pa ng pilak,  
'Di ko mapangatawanang magsukli  
Ni karampot mang pasalamat.

## Panalangin

Hindi ito pag-aantanda sa bukana ng simbahan  
O paglalakad nang paluhod sa altar;

Hindi pagdadaop ng palad sa harap ng krus  
At pag-usal ng panambitan o hiling;

Hindi ito ang nakasabit na iskapularyo sa leeg  
O rosaryong pinupudpod ng mga daliri;

Hindi pagsusumamong linisin ang kaloob-looban  
Na kadalasang nahihirati sa putik;

Simpleng paninikluhod-isip ang panalangin,  
Mortal na paubaya sa wisik

Ng Dakilang Liwanag sa pusod ng katahimikan,  
Sa sukal ng lumulukob na kawalan.

## Mauulang Umaga

Inaalo ka ng pag-asang maambunan  
Ang nanunuyo nang pagtitimpi sa pulsang  
Pinakislot kanina ng umaasang kape.

Nabalaho ka sa trapik,  
Itong uma-umagang kalbaryo  
At di matapos-tapos na prusisyon

Ng mga makinang pagal.  
“Ganito nga ang buhay-obrero,”  
Naisip mo, habang kinakaladkad

Ng guniguni ang agam-agam palayo.  
Gusto mong sukatin ang rubdob sa haba  
Ng deka-dekadang pakikipagtuos

Sa pirasa at tsok, sa mga kaharap  
Na ibig magkamalay sa buhay-  
Manggagawa, itong uring nagkakagot

Ng ngipin kahit nananaginip, animo’y  
Isinusumpa ang mga takdang pagitan  
At sukat kuno ng halaga

Ng tao sa lipunan. “Mas marubdob  
Ang dibdib, mas malalim  
Ang iiwang bakas,”

Kuro mo, habang tinitimbang  
Ang sumibad na panahong  
Ni di nag-iwan ng alikabok

Sa mata o palad. "Aanhin ang bakas  
Sa putik?" pihit mo.  
Sa paligid, binibingi ka

Ng tambutsot busina.  
Walang umuusad,  
Tirik ang lahat.

Kaya bigla mong hinagilap ang tamis  
Ng kape kanina; samantala, tuluyang  
Inanod ng ulan ang sana'y kislot

Ng pinupulsuhang pag-asa.